



Pabatid

Mag-ingat sa Influenza at Corona Virus

Taglamig na at napakadaling mahawaan ng trangkaso at corona virus sa panahon ng taglamig.

Magpabakuna at magsuot ng mask para sa proteksiyon. Magpatingin sa pinupuntahang ospital kung may sintomas tulad ng lagnat at ubo.

Ang isang nahawaan ng trangkaso o kaya ng corona virus, ay dapat manatili sa bahay ng 5 araw mula sa araw na lumitaw ang lagnat at ubo.

Kung walang pinupuntahang ospital, tumawag sa numero ng telepono na nakalista sa kanan.



Telepono para sa Konsultasyon sa Banyagang Wika (24 oras)

0120-974-998

Telepono para sa Nihongo (24 oras)

Para sa taga-Nagano 026-226-9957

Para sa taga-Matsumoto 0263-47-5670

Iba pa 0120-924-444

Tampok na Pasyalan

Paglilibang sa Taglamig !

Kapag taglamig, bumababa ang temperatura at umuulan ng snow. Kakaiba ang tanawin at activities na mae-enjoy lamang sa panahon ng taglamig. Subukan ninyong puntahan sa inyong bakasyon.

Skiing · Snow Boarding

Napakaraming ski resort sa Nagano. Mayroon ding bus papuntang ski resort at may paupahang gamit para sa pag-ski.

Impormasyon ng Mga Ski Resort sa Nagano



Snow Monkey

Hindi lang ang mga Hapones ang mahilig sa hot spring. Pati rin ang mga unggoy/matsing! Ang tawag sa kanila ay "snow monkey" kasi naka-lubog sila sa hot spring na napapaligiran ng snow. Puntahan ninyo para makita sila. Marami ring hot spring sa paligid na para lamang sa mga tao.

Lugar: Jigoku-dani Yaen Kōen (Yamanouchi Machi) Para sa detalye ⇒



Konsultasyon

Libreng Konsultasyon

Nagsasagawa ng libreng konsultasyon ang Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center sa iba't ibang wiaka. Anumang konsultasyon tungkol sa araw-araw na pamumuhay o tungkol sa proseso ng visa ay tinatanggap. Puwede ring kumunsulta nang libre sa Administrative at Judicial Counselor na presente sa araw ng konsultasyon.

Libre (0 yen)

| Munisipalidad | Petsa (Araw) | Oras | Lugar |
|------------------|---------------------|--------------|-------------------------------|
| Yamanouchi Machi | Pebrero 26, Lunes | Mula 10 am | Yamanouchi Machi Bunka Center |
| Miyota Machi | Pebrero 29, Huwebes | Hanggang 3pm | Miyota Machi Yakuba |

※Posibleng magbago ang petsa at lugar.

Tingnan ang website ng Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center.



Event

2023 Christmas Caroling ng Iba't ibang Lahi



Ang mga Coordinator for International Relations (CIR) sa Nagano Prefecture ay magsasagawa ng Christmas Caroling! Gusto mo bang sumali sa pagkanta ng awiting pamasko sa Nihongo at ibang wika?

Tara na't mag-libang kasama namin!



Petsa

December 16 (Sabado) 1:00 pm-2:30 pm

Lugar

Nagano Tōkyū Department Store Free Space (Hiroba)

※Libre ang paglahok. Hindi na kailangang magpalista.

Activity

Caroling Part 1 1:00pm-1:30pm
Break · Activity 1:30pm-2:00pm
Caroling Part 2 2:00pm-2:30pm

Pupunt
a rin si
Aruku



長野県PRキャラクター「アルクマ」
©長野県アルクマ

Inquiry : ながのけんきかくしんこうぶこくさいこうりゅうか
長野県企画振興部国際交流課 TEL : 026-235-7188
(Int'l Exchange Section Planning & Promotion Dep't)

Pabatid

Maglalaan ng Interpreter para sa mga Young Carer

May mga batang nagiging tagapagsalin ng kanilang kapamilyang hindi gaanong nakakapagsalita ng Nihongo kapag kailangang magpatingin sa doktor. Ang tawag sa kanila ay "Young Carer". Upang hindi na maging pabigat ang pagsasalin ng isang bata, maglalaan kami ng interpreter (tagapagsalin) para sa inyong wika.

○Sino ang puwedeng humiling ng interpreter

Mga batang nag-aaral sa elementarya, junior o senior high school, kolehiyo (kabilang na ang estudyante ng vocational school), na nag-aalaga ng kapamilyang hindi gaanong nakakaunawa ng Nihongo. Puwede ring humiling ang kapamilya ng interpreter.

○Para sa nais humiling ng interpreter

**Nagano Prefecture Social Welfare Council
(Nagano Pref. Young Carer Coordinator)**

TEL : 026-228-4244

Mail : kikaku@nsyakyō.or.jp

Web



LINE



○Nangangailangan ng mga interpreter

Ang Association of Nagano Prefecture for Internationalization (ANPI) ang maglalaan ng kinakailangang interpreter. Sa ngayon, nangangailangan ang ANPI ng mas maraming interpreter. Huwag mag-alangang tumawag at magpatala kung kayo ay interesado.

TEL : 026-235-7186

(Association of Nagano Prefecture for Internationalization (ANPI))



Pabatid

Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center Holiday



**Sarado po ang tanggapan namin mula
Disyembre 29, 2023 (Biyernes) hanggang Enero 3, 2024 (Miyerkules).**



Ipagpaumanhin po ninyo ang abalang maidudulot nito.

Ang 「Nagano Prefecture Multicultural Consultation Center」 ay tumutugon sa mga konsultasyon tungkol sa pang-araw araw na pamumuhay sa 15 wika. (Walang bayad)

☎026-219-3068 / 080-4454-1899 ホームページ : <https://www.naganoken-tabunka-center.jp/>

